Siping

Cup Of Joe

Isang gabi
Aking pinagmamasdan ang kalangitan
Tila 'di pangkaraniwan
Asul ang buwan
At meron pang nahuhulog na bulalakaw
Ako'y pumikit at ako'y humiling

Na kahit isa lang na saglit
Kahit hindi na maulit
Oras ay labanan
Ako'y iyong samahang sulitin bawat sandali
Dahil kahit isa lang na saglit
Kahit hindi na maulit
Iyong ipadama ang init ng 'yong yakap
Dito sa aking tabi, ikaw ay sumiping

Ooh-ooh-ooh

'Di namalayan
Lumipas ang mga panahong mag-isa sa'king duyan
Ikaw pa rin ang aking sansinukuban
Kahit na paulit-ulit na lumayo ay
Hindi pa rin susuko sa'king mga pangako sa'yo
Hindi magbabago ang aking hiling

Na kahit isa lang na saglit
Kahit hindi na maulit
Oras ay labanan
Ako'y iyong samahang sulitin bawat sandali
Dahil kahit isa lang na sakit
Kahit hindi na maulit
Iyong ipadama ang init ng 'yong yakap
Dito sa aking tabi

Hanggang kailan kaya ako mananaginip nang gising?
Hanggang kailan pa ba ako maglalakad nang nakapikit?
Mayroon pa bang patutunguhan kung ako na lang
Ang nag-iisang humihiling at nagbabakasakali?

Na kahit isa lang na saglit
Kahit hindi na maulit
Oras ay labanan
Ako'y iyong samahang sulitin bawat sandali
Dahil kahit isa lang na saglit
Kahit hindi na maulit
Iyong ipadama ang init ng 'yong yakap
At dito sa aking tabi, ikaw ay sumiping

(Kahit isa lang na saglit)
Aking ibubulong at sasabihing
Hindi maglalaho ang pag-ibig ko sa'yo

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!